





Mga Karapatan at Obligasyon ng Kalahok




Bilang isang taong humihiling o tumatanggap ng mga serbisyo sa nakabatay sa bahay at komunidad mula sa Dibisyon ng Debelopmental na Kapansanan, mayroon akong parehong mga karapatan at obligasyon. Binabalangkas ng dokumento ang mga ito.

Mga Karapatan




Mayroon akong parehong mga karapatan tulad ng sinumang tao sa aking komunidad:

	May karapatan akong magkaroon ng trabaho at pumili kung saan at kailan ko gustong magtrabaho.
	May karapatan akong pantay na mabayaran, anuman ang aking kakayahan.
	May karapatan akong gumawa ng sarili kong mga pagpipilian at desisyon tungkol sa mga bagay tulad ng kung aling provider ang pipiliin ko at kung kanino ako magpapatingin para sa medikal na pangangalaga. Kung hindi ko magawa ang mga pagpipiliang ito, may karapatan akong humingi ng tulong sa ibang tao.
	May karapatan akong piliin kung sino ang tutulong sa akin na pamahalaan ang aking pera at alamin kung ano ang aking mga bayarin at gastusin.

	<p>May karapatan ako sa privacy kabilang na ang sarili kong espasyo at mga gamit.</p>
	<p>May karapatan akong pumunta sa kung saan ko gustong pumunta, kung kailan ko gustong pumunta doon hangga't ligtas ako.</p>
	<p>May karapatan akong kumain at uminom ng kung ano ang gusto ko at karapatang pumili ng oras kung kailan ako kakain.</p>
	<p>May karapatan akong magkaroon ng susi o ma-access ang sarili kong bahay kahit kailan ko pipiliin.</p>
	<p>May karapatan akong manatili sa bahay kung kailan ko gusto.</p>
	<p>May karapatan akong magkaroon ng mga kaibigan at makipag-usap o maglaan ng oras sa kanila kung kailan ko gusto.</p>
	<p>May karapatan akong gumamit ng pampublikong transportasyon kapag available ito.</p>

	<p>May karapatan akong maging malaya mula sa pang-aabuso kabilang ang pananakit, paninigaw, o panghihipo kapag hindi ko gusto. Kung sa tingin ko ay inaabuso ako, maaari akong tumawag sa 800-652-1999.</p>
	<p>May karapatan akong maging malaya mula sa kapabayaang at magkaroon ng isang tao na mangangasiwa sa aking pangangalaga at panatilihin ang aking kalusugan at kaligtasan. Kung sa tingin ko ako ay napapabayaang ako, maaari akong tumawag sa 800-652-1999.</p>
	<p>May karapatan akong maging malaya mula sa pananamantala. Walang sinuman ang maaaring kumuha ng aking pera o propyedad. Kung sa tingin ko ay pinagsasamantalahan ako, maaari akong tumawag sa 800-652-1999.</p>

Mas marami akong karapatan dahil tumatanggap ako ng mga serbisyo mula sa DHHS:

	<p>May karapatan akong mag-follow up sa anumang reklamang mayroon ako sa isang napapanahong paraan.</p>
	<p>May karapatan akong masabihan tungkol sa anumang pagbabago o desisyong ginawa sa aking mga serbisyo nang nakasulat.</p>
	<p>May karapatan akong umapela sa anumang pagbabago sa aking plano. Dapat kong iapela ang mga pagbabagong iyon nang nakasulat sa loob ng 90 araw mula nang natanggap ko ang Abiso ng mga Desisyon.</p>



May karapatan ako sa listahan ng lahat ng serbisyong matatanggap ko at lahat ng provider.

Mga Obligasyon

Upang makatanggap ng mga serbisyong nakabatay sa bahay at komunidad, may ilang bagay na kailangan kong gawin. Kabilang sa mga bagay na ito ang:




Dapat akong mag-aplay para sa at tanggapin ang lahat ng benepisyo na maaaring maging kwalipikado ako. Maaaring kabilang dito ang Karagdangang Kita sa Seguridad, mga benepisyo ng Social Security Administration, Nebraska Medicaid at serbisyo sa waiver na Nakabatay sa Bahay at Komunidad.




Dapat kong tiyakin na mananatili akong kwalipikado para sa lahat ng benepisyong natatanggap ko.



Dapat kong bayaran ang halaga ng bahagi ng aking gastos sa Medicaid kung mayroon man ako.



Dapat kong kumpletuhin at ibigay ang anumang kinakailangang impormasyon bago simulan ang mga serbisyo ng waiver. Kailangan ko ring ibigay ang impormasyong ito sa bawat taon ayon sa hinihiling. Maaaring kabilang dito ang impormasyon ng benepisyo o isang kopya ng aking tax return.



Dapat kong kumpletuhin ang anumang pagtatasa o pagsusuri na kailangan upang mapanatili ang aking mga serbisyo. Kasama sa mga pagtatasa na ito ang taunang pisikal, iba pang medikal na appointment, at Antas ng Pangangalaga.